[redacted]

**I. NILALAMAN:**

Ang pagkukumpuni ay mahalagang gawain na kailangang matutunanan. Ito ay makatutulong upang mapadali ang gawain sa tahanan o paaralan.

Sa araling ito, matututunan ng mga mag-aaral kung paano ipapakita ang pagpapahalaga sa pagkukumpuni ng sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan. Sa pamamagitan ng batayan ay mas mapapaganda o pagbubutihin ng mag-aaral ang kanyang ginawang pagkukumpuni.

II. **LAYUNIN:**

- Natutukoy ang mga instrumento sa pagtataya ng pagkukumpuni sa sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan
- Naipakikita ang pagpapahalaga sa pagkukumpuni ng sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan
- Natatanggap ang naisasagawa ang mga puna at suhestiyon ng iba sa positibong pamamaraan.

**III. PAKSANG ARALIN:**

- **Parksa:** Pagpakikita ang pagpapahalaga sa pagkukumpuni ng sirang kasangkapan sa taanan o paaralan.
- **Sanggunian:** EPP5IA-0j-10
- **Kagamitan:** tsart na mga halimbawa ng *rubrics*

**IV. PANIMULANG PAGTATASA:**

Ipasagot sa mga mag-aaral ng sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga kadalasang narisirang kasangkapan sa tahanan?
2. Ano-ano ang mga kadalasang narisirang kasangkapan sa paaralan?
3. Paano mo ipapakita ang pagpahalaga samga  nakumpuning sirang kasangkapan sa iyong tahanan o paaralan?

4. Bakit mahalagang maipakikita ang pagpapahalaga sa pagkukumpuni ng sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan?

**V. PAMAMARAAN:**

**A. PAGGANYAK**

1. Magpakita ng mga larawan sa mag-aaral ng mga sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan.
2. Itanong sa mga mag-aaral kung anong dapat gawin sa mga sirang kasangkapan na nakita sa mga larawan?
3. Ipasuri sa mga mag-aaral ang isang halimbawa ng scorecard na nasa **Alamin Natin** sa **LM.**

**B. PAGLALAHAD**

1. Talakayin ang iba't-ibang uri ng instrumento sa pagtataya na nasa **LM Linangin Natin** sa letrang **A.**
2. Hayaan ang mga mag-aaral na paghambingin ang iba't-ibang instrumento ng pagtataya.
3. Talakayin ang mga kahalagahan sa pagkukumpuni ng sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan na nasa **Linangin Natin** sa letrang **B** ng **LM.**

**C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN**

Hayaan ang mag-aaral na pahalagahan ang kanilang ginawang pagkukumpuni nang sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan na nasa **Linangin Natin letrang C.**

**D. PAGSASANIB**

Hatiin sa apat na grupo ang iyong klase at pasagutan ang mga sumusunod na katanungan na nakalaan sa bawat grupo.

Isulat ang sagot sa manila paper.

Mga tanong:

**Unang Grupo:** Paano mo tatanggapin kung ang kasangkapang kinumpuni mo ay muling nasira ng iyong kamag-aaral?

**Pangalawang Grupo:**Sa pagkukumpuni ng mga kasanagkapan sa tahanan at paaralan, bakit kailangang maging maingat at maayos ka sa pagpapahalaga sa iyong ginagawa?
**Ikatlong Grupo:** Sa pagkukumpuni ng mga kasanagkapan sa tahanan at paaralan, bakit kailangang maging malinis ang iyong kapaligiran bago at pagkatapos gawin ang iyong pagkukumpuni?
**Ikaapat na Grupo:** Sa pagkukumpuni ng mga kasanagkapan sa tahanan at paaralan, bakit kailangang maging tapat ka sa iyong pagpapahalaga sa iyong gingawang pagkukumpuni?
(Pagsasanib sa ESP)

**E. PAGLALAHAT**

Itanong sa mga mag-aaral ang iba't-ibang kahalagahan nang pagpapahalaga sa pagkukumpuni ng sirang kasangkapan sa tahanan o paaralan.

## VI. PAGTATAYA:

Ipasagot ang Gawin Natin sa LM.

Susi sa Pagwawasto:

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Mali
5. Tama

## VII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:

Magpagawa sa mga mag-aaral ng islogan tungkol sa kahalagahan ng pag-iingat at pangangalaga sa mga kasangkapan sa tahanan o paaralan.

**KARAGDAGANG SANGGUNIAN:**


- Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan 6 (Revised Edition) ni Susana V. Guinea at Placita D. Arandela

- Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan 5 (Revised Edition) ni Ana B. Ventura at Evelyn D. Deliarte